

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG

Martes, Agosto 16, 2022



MAKIPAG-UGNAYAN KAY:

Karina Rivera, Alameda Alliance for Health

510-499-3419

krivera@alamedaalliance.org

---

**ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH, NAGLUNSD NG SERBISYO SA PAGKAIN NA SUMUSUPORTA SA  
PAGPAPAGAMOT PARA SA MGA MIYEMBRO NG ALLIANCE NA MAY MEDI-CAL**

Tutugunan ng programang 'Recipe4Health' ang kawalan ng seguridad sa pagkain habang pinapabuti ang kalusugan ng pangangatawan at pag-iisip ng mga residente ng County ng Alameda.

**Alameda, CA** – Simula sa Setyembre, ilulunsad ng Alameda Alliance for Health (Alliance) ang Recipe4Health bilang bahagi ng kanilang programa ng Mga Suporta sa Komunidad. Ang Recipe4Health ay isang programa ng 'pagkain bilang gamot' na naglalayong tugunan ang mga tagapagsulong ng kalusugan sa mga residente sa pamamagitan ng pagrereseta sa mga pasyente ng mga produce na siksik sa mga nutrient at pag-uugnay sa kanila sa mga lokal na grupo para sa suporta. Ang mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad ng Alliance ay bahagi ng kalulunsad lang na inisyatiba ng CalAIM mula sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS) – na inihahatid, sa pamamagitan ng mga provider sa komunidad, sa mga kwalipikadong miyembro ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal bilang alternatibo sa mga tradisyonal na medikal na serbisyo o lugar.

Nasasabik ang Alliance na makipagtulungan sa Ahensya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda, na siyang maghahatid sa mga serbisyo ng Recipe4Health sa mga miyembro ng Alliance. Ang programang Recipe4Health ay napapailalim sa kategoryang Mga Suporta sa Komunidad para sa Pagkain na Sumusuporta sa Pagpapagamot. Ang programa ay magiging available sa mga kwalipikadong miyembro na posibleng makinabang sa mga therapeutic na pamamagitan sa nutrisyon, at naglalayong pabutihin ang mga kahihinatnan sa kalusugan at pababain ang rate ng mga naa-admit ulit sa ospital. Ang makabagong modelong ito ay nagbibigay sa mga pasyente ng mga reseta sa pagkain, na may labindalawang linggong gulay na ihahatid sa mismong tirahan ng mga pasyente. Ang mga reseta sa pagkain ay ginagawa ng Dig Deep Farms, na isang lokal na urban farm na gumagawa ng mga trabahong hindi nakakasama sa kapaligiran para sa mga indibidwal na nauugnay sa katarungan. Bilang bahagi ng programa, magkakaroon din ang mga kalahok ng access sa mga panggrupong medikal na pagpapatingin kung saan magsasama-sama ang mga pasyente sa virtual na paraan, at

may pisikal na aktibidad, mga demonstration sa masustansyang pagkain, pagbabawas ng stress, at pakikisalamuha sa iba sa loob ng ilang buwan.

“Ang paglulunsad ng Alameda Alliance sa Recipe4Health ay lubos na makakatulong sa pagsuporta sa ating mga pinakaapektadong residente at pamilya sa pamamagitan ng pagtugon sa kawalan ng seguridad sa pagkain sa tulong ng mga pamamagitan sa masustansyang pagkain,” sabi ng Supervisor ng Distrito 3 na si Dave Brown. “Nagpapasalamat ako sa pakikipagtulungan ng Alliance para ibigay ang napakahalagang serbisyo na ito at sa pagpapatuloy sa pamana ni Supervisor Chan sa paggamit ng pagkain bilang gamot sa buong County.”

Sa nakalipas na ilang taon, pinansyal na sinuportahan ng Alliance ang inisyatiba sa Recipe4Health sa mga lokal na klinika, kasama ang LifeLong Ashby Health Center, Tiburcio Vasquez Health Center, Native American Health Center, Hayward Wellness Center, Bay Area Community Health, at mas maliliit na Food Farmacy sa iba pang lokal na klinika. Sa pakikipagtulungang ito, libu-libong pasyente sa buong County ng Alameda ang na-screen para sa kawalan ng seguridad sa pagkain at nabigyan ng mga pamamagitan sa masustansyang pagkain kasama ng panggrupong suporta sa pag-iisip na nakatulong sa pagpapabuti ng kalusugan ng kanilang pangangatawan at pag-iisip. Sa pagsasama ng Recipe4Health sa programa ng Mga Suporta sa Komunidad ng Alliance na Mga Iniangkop na Meal, matitiyak na magiging sustainable ang napakahalagang serbisyong ito na patuloy na magtarget sa mga pangangailangan sa nutrisyon ng komunidad ng County ng Alameda habang binabawasan ang mga hadlang na nauugnay sa kawalan ng seguridad sa pagkain.

“Bilang provider ng safety net, nauunawaan naming ang access sa masustansyang pagkain ay posibleng kasinghalaga ng pagkakaroon ng access sa gamot o iba pang klinikal na pamamagitan,” sabi ni Scott Coffin, ang CEO ng Alliance. “Sa kakayahan naming mag-alok ng mga serbisyo ng Recipe4Health sa aming mga miyembro, mas napalapit kami sa pagtugon sa mga pinag-uugatan ng mga disparity sa kalusugan na patuloy na kinakaharap ng marami sa mga miyembro ng aming komunidad.”

“Iniuugnay ng Recipe4Health ang komunidad sa mga sariwang de-kalidad ng pagkain na lubos na nakakatulong sa kawalan ng seguridad sa pagkain, na isa sa mga pantukoy ng kalusugan sa lipunan, sabi ni Colleen Chawla, ang Director ng Ahensya ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng County ng Alameda. “Naniniwala kaming mainam na gamot ang masustansyang pagkain.”

Lalo pang tumindi, dahil sa pandemya ng COVID-19, ang pangangailangan ng mga pamamagitan sa pagkain sa mga indibidwal na nakakaranas ng mga malalang kumplikasyon sa kalusugan, gaya ng diabetes, mataas na

presyon ng dugo, at iba pang pabalik-balik na sakit. Habang patuloy na bumabangon ang mga komunidad sa County ng Alameda mula sa mga negatibong epekto ng pandemya, ang pagsasama ng Recipe4Health bilang serbisyo ng Suporta sa Komunidad ng Alliance ay makakabuti sa mga kahihinatnan sa kalusugan, makakabawas sa mga disparity sa kalusugan, at magpapababa sa mga gastusin sa pangangalaga sa ating lokal na pang-safety net na sistema.

Para matuto pa tungkol sa Alliance, bisitahin kami sa <http://alamedaalliance.org/>.

###

### **Tungkol sa Alameda Alliance for Health**

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang lokal na pampublikong not-for-profit na planong pangkalusugan para sa pinapamahalaang pangangalaga na naglalayong gawing accessible at abot-kaya ang mga mataas na kalidad na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga residente ng County ng Alameda. Itinatag noong 1996, ang Alliance ay ginawa ng at para sa mga residente ng County ng Alameda. Sinasalaming ng Lupon ng Mga Gobernador ng Alliance, namumunong staff, at network ng provider ang pagkakaiba ng kultura at wika sa county. Nagbibigay ang Alliance ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan sa mahigit sa 315,000 bata at nasa hustong gulang na may mababang kita sa pamamagitan ng mga programa ng Panggrupong Pangangalaga ng Medi-Cal at Alliance na accredited ng Pambansang Komite para sa Pagtiyak ng Kalidad (National Committee for Quality Assurance, NCQA).